BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas.

Pagmamanupaktura

CHICAGO

Maging Ligtas. Pagmamanupaktura

Ano ang nasa gabay na ito?

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa

Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong

Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit

Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan

Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok

Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis

Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakikitang patnubay

Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho

Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad

Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon

Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe

Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay

Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Pagmamanupaktura

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Tiyakin ang >6 na talampakan na distansya sa lahat ng oras, kung saan maaari

- Hikayatin ang paggamit ng mga hindi malalampasang harang, kasabay ng iba pang paraang pamprotekta (hal., mga pantakip sa mukha, mga pamantayan sa kalinisan), kung hindi kayang panatalihin ng mga nagtatrabaho ang wastong paglayo sa kapwa
- Ang pagbabawas ng tauhan para sa layunin ng paglayo sa kapwa ay hindi dapat maging mapanganib o makabawas sa pagiging epektibo. Sa halip, dapat itong ibalanse ng mas malawakang paggamit ng PPE
- Hikayatin ang paggamit ng mga zone ng trabaho, kung saan kailangan manatili ang mga empleyado sa kanilang mga zone
- Hikayatin ang pakikipag-ugnayan na walang pisikal na contact sa pagitan ng mga indibidwal

Limitahan ang mga pagtitipon nang hindi hihigit sa 50 indibidwal sa anumang lugar na para sa lahat

- Limitahan ang mga pagpupulong ng mga empleyado sa mga cafeteria, kuwarto ng pagpupulong, at iba pang lugar ng pagpupulong sa hindi hihigit sa 10 tao (habang pinapanatili ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan)

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Pagmamanupaktura

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Pamprotektang gamit

Kinakailangan ang pantakip ng mukha kapag pumapasok/lumalabas ng mga gusali at kapag hindi maaari ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan

- Sa anumang espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha o kung mapanganib ito dahil sa mga kondisyon sa site ng trabaho)
- Dapat magsuot ang mga empleyadong nagsusuri ng kalusugan ng panangga sa mukha sa ibabaw ng pantakip sa mukha
- Bigyan ang mga team para sa unang pagtugon ng wastong PPE, ayon sa naaangkop para sa bawat site ng trabaho

Mga kinakailangan para sa kalinisan

Isulong ang access sa sanitizer at paigtingin ang mga pagsasanay para sa mga nagtatrabaho

- Maghugas ng kamay o gumamit ng sanitizer bago at pagkatapos ng mga oras ng pahinga, at bago at pagkatapos hawakan ang mga patungan o gamit na madalas hawakan
- Maglagay ng mga istasyon para sa pag-sanitize ng kamay sa lahat ng mga pasukan at banyo
- Ipagbawal ang pagsalo-salo ng mga pagkain sa pagitan ng mga manggagawa, at iatas sa mga empleyado ng magdala ng kanilang sariling kutsara't tinidor (na hindi ibinibigay sa lugar sa trabaho)
- Hikayatin ang mga nagtatrabaho na magdala ng pagkain na hindi nangangailangan ng microwave, at gumamit ng mga cool pack para malimitahan ang paggamit ng mga refrigerator
- Hikayatin ang mga empleyado na kumumpleto ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19

Maging Ligtas. Pagmamanupaktura

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Access sa Pagpasok

Iatas sa mga empleyado na suriin ang kalusugan bago pumasok sa lugar ng trabaho (hal., pagsusuri sa temperatura, pagsagot sa mga palatanungan at interview)

- Bawal ang bisita maliban na lamang para sa mga esensyal na serbisyo (hal., pagpapaayos, konstruksyon), mga pinadala, at pag-pick up
- Ang mga bisita ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha, magpanatili ng wastong layo, at napapasailalim sila sa anumang protokol sa pagpasok
- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng mga indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)

Mga pamantayan sa paglilinis

Tiyakin ang araw-araw na paglilinis, na pinagtutuonan ang mga ibabaw na madalas na hawakan

- Kung maaari, maglagay ng paraan para mabuksan at masara ang mga madalas gamiting pinto nang hindi gamit ang kamay (hal., pinapagana ng sensor, pambukas ng pintuan gamit ang paa)
- Kung maaari, magkabit ng mga lababo at pang-flush ng inidoro na hindi ginagamitan ng kamay
- Magtaguyod ng mga protokol para sa malinis na paggamit ng mga port a john (mga nalilipat na banyo)
- Kung saan maaari, hikayatin ang mga empleyadong gumamit ng mga natatapon na tisyu, paper towel, o wipe para sa mga patungan o gamit na madalas hawakan
- Magbigay ng mga natatapon na baso sa mga fountain at cooler ng tubig; huwag pahintulutan ang mga empleyadong uminom nang direkta mula sa mga fountain ng tubig
- Kung maaari, magbigay ng mga nakabotelyang tubig upang malimitahan ang paggamit sa mga water fountain
- Hikayating huwag gamitin ang mga pot/maker ng kape na ginagamit ng lahat
- Ipagbawal ang paggamit ng mga panulat na ginagamit ng lahat
- Regular na linisin ang mga touchpad, computer, at ibang patungan at gamit na ginagamit ng lahat

Maging Ligtas. Pagmamanupaktura

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Magkabit ng nakikitang palatandaan tungkol sa pinakaraming dami ng tao, daloy ng trapiko ng tao, paggamit ng elevator, paggamit ng banyo, kalinisan, at higit pa

- Maglagay ng mga poster o gumawa ng mga slide para sa pagsubaybay na nagbibigay ng impormasyon ukol sa paghuhugas ng kamay, wastong paggamit ng sanitizer sa kamay, karaniwang mga sintomas ng COVID, wastong paggamit/pagsusuot/paglilinis/pagtatapon ng mga pantakip sa mukha
- Kung walang espasyong ginagamit ng lahat sa pasilidad, magbigay ng impormasyon sa elektronikong paraan o sa pamamagitan ng sulat

Isaayos ang mga proseso ng pagpapatakbo para limitahan ang mga pakikisalamuha

- Baguhin ang iskedyul ng pagpapatakbo para tumugma sa pabago-bagong pangangailangan at supply ng produkto
- Hikayatin ang mas madalas na pagpapalit ng mga filter na HVAC; pag-isipan ang pagbalanse sa maaaring epekto ng mga bentilador na nagpaparumi sa mga lugar ng trabaho kumpara sa sakit na dulot ng init
- Buksan ang mga bintana, kung maaari, para pabutihin ang daloy ng hangin
- Iba-ibahin ang oras ng pahinga ng mga empleyado
- Magtakda ng mga daanan at lakaran na isang direksyon lamang ang daan, at iba pang hakbang para ayusin ang trapiko ng tao
- Tanggalin ang mga muwebles mula sa mga lugar na ginagamit ng lahat para matiyak ang pagsunod at paglayo sa kapwa
- Tanggalin ang mga upuan sa mga kuwarto para sa pahinga at pagpupulong, at iharap ang lahat ng mga upuan sa isang direksyon

Maging Ligtas. Pagmamanupaktura

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Kung saan maaari, itaguyod ang pagtatrabaho mula sa bahay at sali't salitang mga shift

Tiyaking may malinaw na komunikasyon sa mga empleyado tungkol sa mga bagong proseso ng pagpapatakbo

- Patatagin ang mga bagong alituntunin bawat linggo sa pamamagitan ng mga toolbox talk (pagpupulong tungkol sa kaligtasan)
- Limitahan ang pagsasabay-sabay ng shift at/o iba-ibang oras para sa pagpasok at pagtatapos sa trabaho
- I-update ang proseso ng pagtanggap sa trabaho para magbigay ng impormasyon tungkol sa mga alituntunin sa muling pagbubukas
- Madalas na makipag-ugnayan sa mga empleyado tungkol sa mga alituntunin

Limitahan ang pagbiyahe para sa negosyo

- Magpapasya ang mga tagapag-empleyo ukol sa anumang kinakailangang pagsasaayos sa trabaho para sa pagbiyahe

Maging Ligtas. Pagmamanupaktura

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy na may COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

BE SAFE CHICAGO

Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika)*: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19)*: https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf

Patnubay sa pagmamanupaktura

National Association of Manufacturers – *COVID 19 Resources (Mga Dulugan ukol sa COVID-19)*: https://www.nam.org/coronavirus/

Illinois Manufacturers' Association – Mga Sanggunian sa COVID 19: https://ima-net.org/covid-19/

Pahayag ng Pagtanggi

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.